

Administratibong Patnubay sa Pagtataguyod ng Pagkakapantay-pantay sa Lahi

1. INTRODUKSYON

1.1 Ang mga Patnubay na ito ay nagbibigay ng gabay sa mga may kinalamang Kawanihan, mga Departamento at iba pang mga pampublikong awtoridad (na mula ngayon ay kolektibong tatawagin na “mga kaugnay na pampublikong awtoridad”), na nakalista sa talata 1.5, upang itaguyod ang pagkakapantay-pantay sa lahi at matiyak na may pantay na karapatang makagamit sa mga serbisyong pampubliko sa mga may kinalamang mahahalagang lugar at isaalang-alang ito sa pagbabalangkas, pagsasakatuparan at pagrerepaso sa mga mahahalagang patakaran at pamamaraan. Ang mga kaugnay na pampublikong awtoridad ay dapat gumawa ng naaangkop na hakbang para maisakatuparan itong mga Patnubay.

Patakaran ng Gobyerno hinggil sa pagkakapantay-pantay sa lahi

1.2 Ang Gobyerno ay pursigido sa pag-aalis ng diskriminasyon sanhi ng lahi at sa pagtataguyod ng pantay na oportunidad para sa mga etnikong minorya. Ang Basic Law(Pangunahing Batas), ang Hong Kong Bill of Rights Ordinance (Ordinansa para sa Kalipunan ng mga Karapatang ayon sa batas)(HKBORO)(Cap. 383) at ang Race Discrimination Ordinance (Ordinansa Laban sa Diskriminasyon sanhi ng Lahi)(RDO) (Cap. 602) ang nagbibigay ng legal na balangkas para ipagbawal ang diskriminasyon sanhi ng lahi. (silipin ang **Annex** para sa pangkalahatang pananaw ng mga probisyon na kaugnay sa probisyon ng mga serbisyong pampubliko).

1.3 Dagdag pa sa pagsunod sa mga pangangailangang legal, ang Gobyerno ay nagsasagawa din ng mga pamamaraan upang itaguyod ang pagkakapantay-pantay sa lahi na may pananaw sa pagtiyak na ang mga taong magkakaiba ang lahi ay may pantay na karapatang gumamit sa, at mabiyayaan mula dito, ng mga kayamanan at mga oportunidad na bukas sa lipunan. Ito ay makakamit sa pamamagitan ng pampublikong edukasyon at ng mga aktibidad sa pagtataguyod, at ng pagpapalakas ng serbisyong tumutulong sa mga etnikong minorya. Ang pagpapakilala sa mga Administratibong Patnubay na ito ay isang karagdagang hakbang sa

layuning ito.

Layunin at Saklaw ng mga Patnubay

1.4 Ang mga Patnubay na ito ay nagbibigay ng gabay sa mga kaugnay na pampublikong awtoridad para pairalin nila ang magandang gawi sa pagsasaalang-alang sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa lahi bilang mahalagang bahagi sa pagbabalangkas, pagsasakatuparan at pagrerepaso sa kaugnay na mga patakaran at pamamaraan. Dapat din silang magsagawa ng naaangkop na mga pamamaraan at pagkukusa upang maabot ang mga layunin batay sa kanilang mga kaugnay na kalagayan.

1.5 Ang mga Patnubay ay sakop ang mga mahahalagang serbisyong pampubliko na nauugnay sa pagtugon sa mga espesyal na pangangailangan ng mga etnikong minoritya at sa pagpapadali ng kanilang integrasyon sa komunidad, katulad ng sa medikal, edukasyon, bokasyonal na pagsasanay, pagtatrabaho, at malawakang serbisyong pang-komunidad. Ang kaugnay na pampublikong awtoridad ay ang Education Bureau, Food and Health Bureau, Department of Health, Labour Department, Social Welfare Department, Home Affairs Department, Hospital Authority, Vocational Training Council, Employees Retraining Board, Construction Industry Council, Office of the Government Chief Information Officer, Television and Entertainment Licensing Authority, Office of the Telecommunications Authority at ang Innovation and Technology Commission. Pananatilihin ng Administrasyon ang pagrerepaso sa nasasakupan ng Patnubay.

1.6 Ang gabay tungkol sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa lahi sa larangan ng pagtatrabaho ay ibinibigay sa Code of Practice on Employment sa ilalim ng RDO, na pinalabas ng Equal Opportunities Commission (EOC). Ang mga kaugnay na pampublikong awtoridad ay kinakailangang sumangguni sa Code na ito para sa patnubay tungkol sa mga bagay sa pagtatrabaho.

Koordinasyon

1.7 Ang Constitutional and Mainland Affairs Bureau (CMAB) ay responsable sa koordinasyon at pagpapanatili ng pangkalahatang pananaw sa pagsasakatuparan ng mga Patnubay sa Administrasyon bilang kabuuan, kabilang ang pagmamamtyag sa pagpapapatupad ng mga Patnubay,

paglikom ng kaugnay na impormasyon at pagpapahayag ng mga impormasyon na ito sa publiko. Ang mga kaugnay na pampublikong awtoridad ay responsable sa pagsasakatuparan ng mga Patnubay sa loob ng kani-kanilang patakaran at programa.

2. MGA GABAY NA PRINSIPYO

2.1 Ang mga gabay na prinsipyong namumuno sa mga pagsisikap ng mga kaugnay na pampublikong awtoridad sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa lahi ay:

- (a) kinakailangang gumawa ng mga hakbang upang alisin ang diskriminasyon sanhi ng lahi na nagbubuhay sa mga patakaran at pamamaraan ng mga kaugnay na pampublikong awtoridad; at
- (b) ang pantay na karapatang makagamit sa mga serbisyong pampubliko para sa mga etnikong minorya ay kinakailangang isaalang-alang sa panahon ng pagbabalangkas, pagsasakatuparan at pagrerepaso ng kaugnay na mga patakaran at pamamaraan.

2.2 Ang mga prinsipyong ito ay nakakatulong sa isa't isa. Isang halimbawa, ang mataimtim na pagsasaalang-alang sa pagkakapantay-pantay sa lahi bilang dahilan sa pagbibigay ng serbisyong pampubliko ay maaaring makatulong sa mga kaugnay na pampublikong awtoridad na maiwasan ang mga pamamaraan na maaaring pagmulan ng diskriminasyon sanhi ang lahi.

2.3 Ang mga Patnubay ay nagbibigay ng isang sistematikong paraan upang mapalawak ang kamalayan sa mga prinsipyong ito at mapadali ng mga kaugnay na pampublikong awtoridad ang pagtugon sa layunin ng patakaran.

2.4 Ipinapaliwanag ng Sections 3 hanggang 4 ang mga naunang nabanggit na mga gabay na prinsipyo. Ang Section 5 naman ay nagbibigay gabay sa mga pangangailangan sa pagsasanay para makamit ang layunin. Ang Section 6 ay nagpapaliwanag ng mga mekanismo sa pag-uulat tungkol sa pagsasakatuparan ng mga Patnubay.

3. PAGSUNOD SA MGA LEGAL NA PANGANGAILANGAN TUNGKOL SA PAGKAKAPANTAY-PANTAY SA LAHI

Legal na Balangkas

3.1 Ang Gobyerno ay may obligasyon sa ilalim ng Basic Law at ng HKBORO na ipagbawal ang lahat ng uri ng diskriminasyon, kabilang na dito ang kadahilanan ay sa lahi.

3.2 Nasa Article 25 ng Basic Law na “Lahat ng residente ng Hong Kong ay pantay-pantay sa harapan ng batas”. Tulad nito, nasa Article 26 ng International Covenant on Civil and Political Rights (ICCPR) na “Lahat ng tao ay pantay-pantay sa harapan ng batas at sila ay may karapatan sa pantay na proteksyon ng batas nang walang kahit anong diskriminasyon”. Nakasulat sa Basic Law na ang mga probisyon ng ICCPR na ginagamit sa Hong Kong ay mananatiling may bisa, at ang mga probisyong iyon ay lokal na isasakatuparan sa ilalim ng HKBORO. Ang aktong diskriminasyon sanhi ng lahi ng isang pampublikong awtoridad na lumalabag sa HKBORO ay maaaring ipaglaban sa Hukuman.

3.3 Detalyadong nakasaad sa RDO kung kailan nagiging labag sa batas ang diskriminasyon sanhi ng lahi. Nasasaad sa RDO na labag sa batas ang diskriminasyon sanhi ng lahi sa mga tinukoy na larangan, kabilang ang pagtatrabaho, edukasyon, pagbibigay ng mga kagamitan, mga pasilidad, mga serbisyo at mga kapaligiran. Labag din sa batas na manggulo ng ibang tao sanhi ng kanyang lahi (sa madaling salita, pagpapakita ng di kanais-nais na ugali, sa mga pangyayari na ang isang makatwirang tao ay tiyak na aasahan na ang isa pang tao ay masasaktan, mapapahiya o matatakot sa ugaling iyon) sa ganitong mga larangan.

3.4 Ang EOC ay ang awtoridad na tagapagpatupad ng RDO. Ito ay pinagkatiwalaan sa ilalim ng RDO ng mga tungkulin at kapangyarihan para magtrabaho patungo sa lubusang pagkawala ng diskriminasyon at pagtaguyod ng pagkakapantay-pantay ng oportunidad at pagkakasundo sa pagitan ng mga taong mula sa iba't-ibang grupo ng lahi. Kaugnay sa diskriminasyon sanhi ng lahi, ito ay may kapangyarihan na mangasiwa sa mga reklamong tungkol sa gawaing labag sa batas, mangasiwa ng pagkakasundo, at magbigay ng tulong nang alinsunod sa ilalim ng mga seksyong 78 at 79 ng RDO; mangasiwa ng mga pormal na imbestigasyon sa ilalim ng seksyon 64

ng RDO; at kumuha ng impormasyon sang-ayon sa seksyon 66 ng RDO. Ang EOC ay maaaring magrekomenda para sa mga pagbabago ng mga patakaran at pamamaraan ng pampublikong awtoridad, o magrekomenda sa Punong Kalihim ng Administrasyon tungkol sa pagbabago sa batas o kung hindi, base sa mga matutuklasan sa pormal na imbestigasyon.

Pagsunod sa mga Legal na Pangangailangan

3.5 Ang Gobyerno ay may pananagutan na tiyaking walang mangyayaring diskriminasyon sanhi ng lahi sa pagbabalangkas at pagsasakatuparan ng kanilang mga patakaran at pamamaraan alinsunod sa mga kaugnay na probisyong legal. Ang mga kaugnay na mga pampublikong awtoridad ay nararapat na isaalang-alang ang mga angkop na pamamaraan upang matulungan ang kanilang mga kawani na makamit ang wastong pang-unawa sa mga ganyang obligasyon, pati na rin ang mga kaugnay na mga tungkulin at kapangyarihan ng EOC.

3.6 Dapat mabigyang-diin na ang layunin ng mga Patnubay na ito ay upang isaplano ang mga magagandang gawi para sa mga kaugnay na pampublikong awtoridad upang itaguyod ang pagkakapantay-pantay sa lahi sa mga mahahalagang larangan ng serbisyo at upang tumulong sa pagpapalawak ng kamalayan sa kahalagahan ng pagkakapantay-pantay sa lahi. Ang mga kaugnay na pampublikong awtoridad ay kinakailangang magkahiwalay na magsagawa ng mga pamamaraan upang matiyak na nasusunod ang mga legal na pangangailangan sa ilalim ng RDO. Kung sila ay mayroong katanungan tungkol sa pagsasakatuparan ng RDO, maaari silang humingi ng payo mula sa Department of Justice o sa EOC.

4. PAGBABALANGKAS NG MGA PATAKARAN AT PAMAMARAAN

Pangkalahatang Pananaw

4.1 Higit pa sa pagsunod sa mga legal na pangangailangan, ang mga kaugnay na pampublikong awtoridad ay nararapat na isaalang-alang ang mga pangangailangan, mga damdamin at mga pag-aalala ng iba't ibang grupo ng lahi sa iba't ibang yugto ng pagbabalangkas at pagpapatupad ng mga kaugnay na patakaran at pamamaraan upang matiyak na ang mga taong nagmula sa iba't ibang lahi ay may pantay na karapatang gumamit ng mga serbisyong pampubliko.

Mahahalagang hakbang

4.2 Ang mga kaugnay na pampublikong awtoridad ay kailangang isaalang-alang ang mga sumusunod na hakbang hinggil sa umiiral at bagong mga patakaran at pamamaraan:

- (a) kilalanin ang mga patakaran at pamamaraan na may kinalaman sa mga mahahalagang serbisyong pampubliko na siyang pinaka-kaugnay sa mga pangangailangan ng mga etnikong minorya;
- (b) tantyahin kung sakali man at kung hanggang saan ang mga patakaran at pamamaraan na ito ay makaka-apekto sa pagkakapantay-pantay sa lahi o sa probisyon ng pantay na karapatang makagamit sa mga mahahalagang serbisyong pampubliko, at konsultahin ang mga kaugnay na namumuhunan kung naaangkop sa sistema;
- (c) isaalang-alang kung ang anumang pagbabago sa umiiral o iminungkahing patakaran at pamamaraan ay nararapat, at magsagawa ng mga pamamaraan upang pairalin ang mga ganoong pagbabago;
- (d) subaybayan ang pagsasakatuparan ng mga pagbabago; at
- (e) repasuhin ang mga kabilang na patakaran at pamamaraan sa pana-panahon.

4.3 Ang mga sumusunod na seksyon ay ipinapaliwanag ang mga yugto nang mas detalyado.

(I) Kaugnay na mga patakaran at pamamaraan

4.4 Sa pagtukoy ng mga kaugnay na patakaran at pamamaraan, ang mga kaugnay na pampublikong awtoridad ay dapat magbigay ng tanging pansin sa mga bagay na:

- (a) makakaapekto sa iba't ibang mga grupo ng lahi sa iba't ibang paraan;
- (b) sakop ang mga pampublikong serbisyo na mahalaga sa mga etnikong minoritya; at
- (c) maaaring maging dahilan ng pag-aalala tungkol sa diskriminasyon sanhi ng lahi.

(II) Pagtantya at konsultasyon

4.5 Para sa pagtantya sa kung ang mga patakaran at pamamaraan ay makakaapekto sa pagkakapantay-pantay sa lahi o sa probisyon ng pantay na karapatang makagamit sa mga mahahalagang serbisyong pampubliko, ang mga sumusunod na kadahilan ay nararapat na isaalang-alang:

- (a) papaano naapektuhan ng mga patakaran o pamamaraan ang mga iba't ibang grupo ng lahi;
- (b) kung ang patakaran o pamamaraan ay nagbibigay ng pakinabang sa mga etnikong minoritya o kung ito ay may masamang epekto sa pagkakapantay-pantay sa lahi. Halimbawa, kung ito ay maglalagay sa pagkadehado ng ibang grupo ng lahi, direkta man o hindi; at
- (c) kung ang patakaran o pamamaraan ay natutugunan ang mga pangangailangan ng mga etnikong minoritya.

4.6 Nararapat na isaalang-alang ng mga kaugnay na pampublikong awtoridad ang mga angkop na hakbang upang mapadali

ang pagtanya sa kanila. Ang mga hakbang na ito ay maaaring iasama ang mga naipong kaugnay na impormasyon at istatistika, mga konsultasyon kasama ang mga kaugnayang nakataya at iba pang angkop na pamamaraan.

4.7 Sa pangkalahatan, nasa kaugnay na pampublikong awtoridad ang pagsasaalang-alang sa kung anong mga organisasyon, partido at/o tao ang kinakailangang konsultahin sa mga partikular na paksa. Kung ang mga etnikong minorya ay malamang na maapektuhan, nararapat na gumamit ng maselang pag-aalaga para makahingi ng pananaw galing sa mga taong kayang pahalagahan ang paksa ayon sa kanyang pagtingin na kung maaari din ay malayo.

(III) Isinasaalang-alang ang mga pagbabago

4.8 Kung ang pagtanya ay nagpapakita na ang patakaran o pamamaraan ay mayroong tunay na masamang epekto sa pagkakapantay-pantay sa lahi o sa pantay na karapatang makagamit sa mga pampublikong serbisyo, ang kaugnay na pampublikong awtoridad ay kinakailangang isaalang-alang kung at papaano babaguhin ang mga patakaran o pamamaraan. Maaaring nauukol sa paksa ang mga sumusunod na katanungan:

- (a) ano ang mga sanhi ng masamang epekto at papaano ito matutugunan;
- (b) anong mga hakbang ang maaaring gawin upang maiwasan ang masamang epekto; at
- (c) kung at anong mga alternatibo sa mga patakaran o pamamaraan ang maaaring makatugon sa layunin ng patakaran.

(IV) Pagpapatupad at pagsubaybay ng mga pagbabago

4.9 Para sa mga pagbabago na itinakdang ipatupad, ang mga kaugnay na pampublikong awtoridad ay nararapat na isaalang-alang ang progreso ng pagpapatupad, kabilang na ang epekto ng ganoong pagbabago, upang matantya kung nakamit ang hinahangad na kinalabasan.

4.10 Kinakailangang isaalang-alang ng mga kaugnay na pampublikong awtoridad ang mga angkop na pamamaraan upang mas lalong maging malinaw ang hinggil dito. Isa sa mga paraan para makamit ito ay ang pagbalangkas at paglathala ng isang listahan ng mga pamamaraan na tutulong sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa lahi at pantay na karapatang makagamit sa mga mahalagang serbisyong pampubliko. Ang listahan ay maaaring isama ang mga elementong katulad ng:

- (a) patakaran at pamamaraan na kaugnay sa pagkakapantay-pantay sa lahi at pantay na karapatang makagamit sa mga serbisyong pampubliko;
- (b) mga pagbabagong nagawa na at binabalak pa lamang para sa mga umiiral o bagong mga patakaran at pamamaraan;
- (c) mga aksyon na isasagawa para isakatuparan ang mga pagbabago; at
- (d) mga paghahanda para sa pagsubaybay ng progreso sa pagpapatupad.

4.11 Upang mapadali ang pagtatantya ng publiko, nararapat na isaalang-alang ng mga kaugnay na pampublikong awtoridad ang pagtatatag ng mga palatandaan at/o nilalayon kung naaangkop. Ang ganyang mga itatakdang palatandaan at nilalayon ay dapat na nagmimithing makamit ang isa o higit pa sa mga sumusunod na layunin:

- (a) pagtataguyod ng mga pamamaraan upang maalis ang labag sa batas na diskriminasyon sanhi ng lahi;
- (b) gawing matindi ang mga pamamaraan upang itaguyod ang pagkakapantay-pantay sa lahi;
- (c) gawing madali para sa mga etnikong minorya ang paggamit sa mga serbisyong pampubliko; at
- (d) sukatin ang epekto ng mga naisagawang pamamaraan.

(V) Talaan at Publisidad

4.12 Bilang resulta, ang mga kaugnay na pampublikong awtoridad ay nararapat na magtago ng maayos na talaan ng mga pagtatantya at pagpapabuting isinagawa. Makakatulong ito sa layunin ng pagsusubaybay at sa mga pagrerepaso sa hinaharap. Kailangang isaalang-alang din nila ang mga angkop na pagsasaayos sa publisidad upang madaling maunawaan ng publiko ang ginawa nilang mga aksyon upang itaguyod ang pagkakapantay-pantay sa lahi.

5. PAGSASANAY NG MGA KAWANI

5.1 Ang pagsasanay ng mga kawani ay isang mahalagang bahagi sa pagpapatupad ng mga Patnubay. Ang mga kaugnay na pampublikong awtoridad ay kailangang isaalang-alang ang pagbibigay ng angkop na gabay at pagsasanay upang mapadali ang pang-unawa ng mga Patnubay sa mga may kinalamang kawani.

5.2 Ang mga kaugnay na pampublikong awtoridad ay nararapat na isaalang-alang ang pagbibigay ng pagsasanay upang mapabuti ang pandamdang at pang-unawa ng mga kawani sa mga paksa tungkol sa lahi sa pangkahalatan, particular na kabilang ang kanilang pagpapahalaga sa pagkakaiba ng mga kultura at ang kanilang kamalayan sa mga natatanging pangangailangan ng mga miyembro ng etnikong minorya.

5.3 Ang CMAB ay makikipag-ugnayan sa EOC at sa Civil Service Training and Development Institute (CSTDI) ng Civil Service Bureau upang magbigay ng angkop na pagsasanay para sa kawani ng mga kaugnay na pampublikong awtoridad tungkol sa pagkamapagdamdang sa lahi at sa pagkakaiba sa kultura, na siyang magpapadali sa kanilang pang-unawa sa RDO, sa mga Patnubay na ito, at sa mga kaugnay na paksa. Ang mga kaugnay na pampublikong awtoridad ay nararapat na hikayatin ang mga kaugnay na kawani upang dumalo sa mga sesyon ng pagsasanay..

5.4 Ang mga kaugnay na pampublikong awtoridad ay maaaring makikipag-ugnayan din sa EOC o sa CSTDI kung naaangkop para sa tulong sa pagsasaayos ng mga kursong pagsasanay na tanging ginawa para lamang sa kanilang mga kawani.

5.5 Batay sa mga impormasyong ibinigay ng mga kaugnay na pampublikong awtoridad, ang CMAB ang magsasaayos sa pagbabahagi ng mga karanasan upang magbunsod ng pangkalahatang benepisyo sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa lahi, ng Administrasyon bilang kabuuan, sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga karanasan ng bawat isa.

6. PAGSASAKATUPARAN NG MGA PATNUBAY

6.1 Ang mga kaugnay na pampublikong awtoridad ang siyang may pananagutan sa pagpapatupad ng mga Patnubay sa loob ng kanilang patakaran/programa upang itaguyod ng pagkakapantay-pantay sa lahi at pantay na karapatang makagamit sa mga mahahalagang serbisyong pampubliko. Kinakailangan isaalang-alang din nila ang mga angkop na kaayusan upang mapanatiling nasa ilalim ng pagrerepaso ang progreso ng pagpapatupad.

6.2 Ang mga kaugnay na pampublikong awtoridad ay nararapat na isaalang-alang ang pagkalat ng mga bagay na mapakikinabangan kapag kinakailangan upang itaguyod ang pagkakapantay-pantay sa lahi at upang matiyak ang pantay na karapatang makagamit sa mga mahahalagang serbisyong pampubliko. Kung sakali na kinakailangan ang dagdag na mga bagay na mapakikinabangan at ang mga ito ay hindi maaring angkinin ng mga kaugnay na pampublikong awtoridad, nararapat na isaalang-alang ang pagsubasta sa mga dagdag na bagay na mapakikinabangan alinsunod sa mga naitatag ng pamamaraan.

6.3 Ang CMAB ang siyang mag-uugnay at magtataglay ng pangkalahatang pananaw tungkol sa pagsasakatuparan ng mga Patnubay sa loob ng buong Administrasyon. Babantayan nito ang pagsasakatuparan ng mga Patnubay at mag-iipon ng mga mahahalagang impormasyon galing sa mga kaugnay na pampublikong awtoridad, katulad ng mga listahan na nakasulat sa ilalim ng talata 4.10. Ang CMAB ang magbibigay ng tagubilin sa Panel on Constitutional Affairs of the Legislative Council tungkol sa progreso ng pagsasakatuparan at ang paglathala ng mga kaugnay na impormasyon kung naaangkop. Ang CMAB ang siya ring magpapanatili na ang mga Patnubay nasa ilalim ng pagrerepaso.

6.4 Ang mga kaugnay na pampublikong awtoridad ay nararapat na isaalang-alang ang mga karagdagang pagsisikap sa paglathala ng mga pamamaraan o pagsulong na nakamit sa ilalim ng kani-kanilang patakaran at mga bahagi ng serbisyo.

6.5 Kinakailangan ng mga kaugnay na pampublikong awtoridad na magtalaga ng isang opisyal upang makipag-ugnayan sa

pagsasakatuparan ng mga Patnubay sa loob ng kanilang mga organisasyon. Ang mga opisyal na ito ang siyang may pananagutan sa pangangasiwa ng mga panloob na kaayusan para sa pagrepaso ng mahahalagang mga patakaran at mga pamamaraan, at magiging punto ng pakikipag-ugnayan sa loob ng Administrasyon.

Constitutional and Mainland Affairs Bureau
Abril 2010

Mga Probisyon ng Ordinansa sa Diskriminasyon sanhi ng Lahi na kaugnay sa mga probisyon ng mga pampublikong serbisyo

Ang Ordinansa sa Diskriminasyon sanhi ng Lahi (Race Discrimination Ordinance o mula ngayon ay RDO) (Cap. 602) ay nagtatakda ng detalye ng diskriminasyon sanhi ng lahi na labag sa batas.

2. Ang Lahi o “Race” sa ilalim ng RDO ay ipinapaliwanag na ang kahulugan nito ay ang lahi, kulay ng balat, angkan, pambansang o etnikong pinanggalingan ng isang tao (mangyaring sumangguni sa seksyon 8 ng RDO para sa mga legal na probisyon).

3. Nakasaad sa RDO na labag sa batas ang diskriminasyon sa mga tinukoy na larangan, kabilang na dito ang pagtatrabaho, edukasyon, pagbibigay ng mga kagamitan, pasilidad, serbisyo at mga lugar; halalan at mga bagay sa paghirang ng mga pampublikong kinatawan at iba pa; paghahanda na kaugnay ang mga barrister at pagiging kasapi ng kapisanan. Labag din sa batas ang manggulo ng ibang tao sanhi ng kanyang lahi (sa madaling salita, pagpapakita ng di kanais-nais na ugali, sa mga pangyayari na ang isang rasonableng tao ay tiyak na malalaman na ang isa pang tao ay masasaktan, mapapahiya o matatakot sa ugaling iyon) sa ganitong mga larangan.

4. Sa ilalim ng RDO, ang diskriminasyon o “discrimination” ay sakop ang mga sumusunod:

(a) *“Tuwirang” Diskriminasyon:* tinutukoy nito ang mga kaso kung kailan ang isang tao (ang gumagawa ng diskriminasyon o “the discriminator”) ay tinatrato ang isa pang tao (ang “biktima”) nang mas kaunti ang pagbibigay ng pabor kaysa ibang tao dahil sa lahi ng biktima (tingnan ang seksyon 4(1)(a) ng RDO; at

(b) *“Hindi Tuwirang” Diskriminasyon:* kahit na gamitin ng lahat ng tao ang parehong mga rekisito at mga kondisyon

na walang pagsaalang-alang sa lahi, ang “hindi tuwirang” diskriminasyon ay maaaring mangyari kung ang naturang pagtrato ay may kakaibang masamang epekto sa, o kung ito ay magiging sanhi ng kakaibang kawalan ng lamang sa, mga tao na bahagi ng isang partikular na grupo ng lahi, ngunit hindi maipakitang makatwiran nang walang kinalaman sa lahi (tingnan ang sekysyon 4(1)(b) at 4(2) ng RDO para sa mga legal na kahulugan).

Kung ang dulot ay “kakaibang” masamang epekto o ang kawalan ng lamang, ito ay pagpapasyahan sa pamamagitan ng pagkukumpara sa proporsyon ng mga tao sa iba’t ibang grupo ng lahi na matutupad ang mga rekisito at kondisyon. Kung ang proporsyon ng mga tao sa isang partikular na grupo ng lahi na makakatupad ay mas maliit kaysa ibang mga grupo, ang rekisito o kondisyon ay maaaring diskriminasyon na hindi tuwiran, maliban kung ang rekisito o kondisyon ay maipapakitang nagsisilbi ng lehitimong layunin at mayroong makatwiran at kasukat na koneksyon sa layunin..

5. Ang kahulugan ng “pang-gugulo sanhi ng lahi” (racial harassment) ay nakalagay sa ilalim ng seksyon 7 ng RDO. Sakop nito, sa larangan ng lahi, ang di kanais-nais na ugali (kasama ang mga salitang ibinigkas at isinulat), na ang isang tao ay rasonableng masasaktan, mapapahiya o matatakot, o ang ugali na lilikha ng palaban at nakakatakot na lugar para sa isang tao.

6. Ang ilan sa mga tungkulin ng gobyerno ay sumasailalim sa mga larangan ng tinukoy sa ilalim ng RDO na binanggit sa talata 3 sa itaas. Ang larangan ng pagbibigay ng mga kagamitan, mga pasilidad, mga serbisyo at mga lugar ay partikular na mahalaga para sa mga pampublikong awtoridad na nagbibigay ng serbisyon pampubliko. Maliwanag na binanggit sa ilalim ng seksyon 27 na ang mga serbisyo ng anumang kagawaran ng Gobyerno o anumang gawain ng o para sa Gobyerno ay mga halimbawa ng mga pasilidad at mga serbisyo na tinutukoy sa sekyong iyon. Bilang resulta, diskriminasyon dahilan ng pagtangi ng pagbibigay ng serbisyo sa biktima o sa pagtangi ng

pagbibigay ng serbisyong parehas ang kalidad, parehas ang pamamaraan at sa parehas ang kondisyon na pangkaraniwan sa ibang miyembro ng publiko, ay maituturing na labag sa batas.

7. Ang mga pampublikong awtoridad ay mayroong pananagutan na tiyaking walang diskriminasyon sanhi ng lahi o panggugulo sanhi ng lahi ang mangyayari sa pagbabalangkas at pagpapasapatupad ng kanilang mga patakaran at pamamaraan alinsunod sa mga kaugnay na legal na probisyon. Nararapat na gumawa sila ng mga hakbang upang matiyak na lubusang naiintindihan ng kanilang mga tauhan ang kanilang legal na pananagutan.

8. Kinakailangan humiling ng payong legal tuwing may mga kaso ng pagdududa tungkol sa legal na balangkas at kung ang isang tiyak na patakaran o pamamaraan ay tututol sa mga legal na probisyon laban sa diskriminasyon sanhi ng lahi at panggugulo.

9. Ang mga patakaran at mga pamamaraan na lalabag sa RDO ay maituturing labag sa batas. Maaaring silang mahamon nang legal sa pamamagitan ng katulad ng sibil na kasong may danyos (tort action) sa Distritong Hukuman (District Court).

10. Sa ilalim ng RDO, ang publiko ay may karagdagang daan para sa mekanismo ng pagtutuwid sa pamamagitan ng pagrereklamo sa Equal Opportunities Commission (EOC), ang awtoridad na nagpapatupad ng RDO. Ang EOC ay pinagkakatiwalaan sa mga tungkulin at mga kapangyarihan para magtrabaho patungo sa lubusang pagkawala ng diskriminasyon at itaguyod ang pagkakapantay-pantay sa oportunidad at pagkakasundo sa pagitan ng mga tao sa iba't ibang grupo ng lahi sa pangkalahatan, kabilang ang iba pa. Kaugnay sa diskriminasyon ng lahi, ito ay may kapangyarihan na mangasiwa sa mga reklamong tungkol sa gawaing labag sa batas, mangasiwa ng pagkakasundo, at magbigay ng tulong na alinsunod sa ilalim ng seksyon 78 at 79 ng RDO, mangasiwa ng mga pormal na imbestigasyon sa ilalim ng seksyon 64 ng RDO, at kumuha ng impormasyon sang-ayon sa seksyon 66 ng RDO. Ang EOC ay maaaring magrekomenda para sa mga pagbabago ng mga patakaran at pamamaraan ng pampublikong awtoridad, o mag-rekomenda sa Punong

Kalihin ng Administrasyon tungkol sa pagbabago sa batas o kung hindi, base sa mga matutuklasan sa pormal na mga imbestigasyon.